



## CALIFORNIA WATER SERVICE

1720 North First Street  
San Jose, CA 95112-4598 Tel: (408) 367-8200

### **Patakaran ng Cal Water sa Pagpuputol ng Tubig dahil sa Hindi Pagbabayad**

*\*Dahil sa pandemya ng coronavirus, kasalukuyang suspendido ang mga pagpuputol ng linya ng tubig dahil sa hindi pagbabayad.*

### **Mga Delinkwenteng Account**

Kapag ang isang bill ay naging delinkwente, bibigyan ng California Water Service (Cal Water) ang tao o entidad na mananagot sa pagbayad ng bill (tatawagin ditong “customer”) ng isang abiso ng pagiging delinkwente na nagpapahayag na ang water service o ang tubig ay puputulin pagkalipas ng 60 araw. Ang abiso ng pagiging delinkwente ay ipapadala sa mail sa mailing address na nakatakda sa account. Kung ang mailing address ay naiiba sa address ng property kung saan naglalaan ng water service, magpapadala ng pangalawang abiso sa service address at ito’y ipapangalan sa “Occupant” o “Naninirahan”.


### **Mga Kasunduan sa Alternatibong Paraan ng Pagbabayad (Alternative Payment Arrangements) o mga Extension**

Ang sinomang customer na hindi makakapagbayad para sa water service sa loob ng karaniwang panahon ng pagbabayad ay maaaring humiling ng alternatibong paraan ng pagbabayad o extension upang maiwasan ang maputulan ng serbisyo. Kabilang sa mga opsyon ang paghati ng mga pagbabayad (mga kasunduan sa paraan sa pagbabayad) nang hanggang anim na buwan upang bayaran nang buo ang buong balance, at pag-defer ng mga pagbabayad (mga extension sa pagbabayad) ng buong balance nang hanggang dalawang linggo makalipas ang petsa kung kailan dapat bayaran ang halaga (due date). Bukod pa rito, ang Cal Water ay may Programa sa Tulong sa Customer (Customer Assistance Program, CAP, na dating LIRA), na nagbibigay ng mas mababang singil sa serbisyo para sa mga taong tumutupad sa mga kinakailangan o requirements para sa maximum na kita.

### **Karagdagang Tulong**

Ang ilang customer ay nakakalimot na bayaran ang kanilang bill, ang iba naman ay nahihirapang makahanap ng ipambabayad. Maaaring may makakatulong na mga non-profit na organisasyon sa iyong lugar. Bukod pa ryan, iniaalok ng Cal Water CAP para sa mga kwalipikadong customer.

Makipag-ugnayan sa iyong Customer Center (sa [www.calwater.com/contact-us](http://www.calwater.com/contact-us) o tingnan ang [www.calwater.com/customercare/phone-numbers](http://www.calwater.com/customercare/phone-numbers) para sa listahan ng mga numero ng telepono) kung may isyu ka sa iyong bill o gusto mong talakayin ang mga opsyon sa pagbabayad. Kung wala kang problema sa tugon ng Cal Water, magsumite ng reklamo sa California Public Utilities Commission sa pamamagitan ng pagpunta sa [www.cpuc.ca.gov/complaints](http://www.cpuc.ca.gov/complaints). Ang mga reklamo sa billing at serbisyo ay pinangangasiwaan ng Consumer Affairs Branch (CAB) ng CPUC, na makakaugnayan sa (800) 649-7570, mula 8:30 a.m. hanggang 4:30 p.m., Lunes hanggang Biyernes, kung ayaw mong isumite ang iyong reklamo online.





## CALIFORNIA WATER SERVICE

Kung mayroon kang problema sa pandinig o pagsasalita, **i-dial ang 711** para makaugnayan ang California Relay Service, na para sa mga nangangailangan ng direktang tulong sa pag-relay ng mga pag-uusap sa telepono, pati na sa kanilang mga kaibigan, kapamilya, at contact sa negosyo. Kung gusto mong masagot agad ang iyong mga tanong sa paraan ng komunikasyong gusto mo, tumawag sa isa sa mga toll-free at partikular sa wikang numero sa ibaba na iruruta sa provider ng California Relay Service.

	Uri ng Tawag		
	TTY/VCO/HCO papunta sa Boses	Boses papunta sa TTY/VCO/HCO	Mula sa o papunta sa Speech-to- Speech
<b>Wika</b>	Ingles at Espanyol	Ingles at Espanyol	Ingles at Espanyol
<b>Toll-free na numero</b>	(800) 735-2929 o (800) 855-3000	(800) 735-2922 o (800) 855-3000	(800) 854-7784

### **Abiso sa mga Umuupa/Naninirahan**

Sampung (10) araw man lamang bago nakaiskedyul na putulin ng Cal Water ang water service, makatwiran nitong pagsisikapan na abisuhan ang mga naninirahan o occupant, sa pamamagitan ng nakasulat na abiso, na nahuhuli ang bayad para sa water service account at na ito'y puputulin na. Ipapahayag sa nakasulat na abiso na ang mga umuupa/naninirahan ay may karapatang maging mga customer ng Cal Water at na hindi nila kailangang bayaran ang halagang dapat na bayaran sa delinkwenteng account basta sila ay handa na sagutin ang mga susunod na singil para sa water service sa address na iyon.

### **Panghuling Abiso Ukol sa Pagputol ng Tubig**

Kapag hindi tinupad ang mga tadhana ng isang amortization plan nang 60 araw o mahigit pa, o kapag hindi binayaran ang mga kasalukuyang singil sa serbisyo sa tahanan, nang 60 araw o mahigit pa, magpapadala ng panghuling abiso ukol sa pagputol ng tubig. Ang panghuling abiso ng pagputol ng tubig ay isang door hanger o abisong isasabit sa pintuan na ipapadala sa lugar makaraan ang 5 araw ng negosyo bago putulin ang serbisyo.

### **Pagbalik ng Serbisyo**

Upang maibalik o maipagpatuloy ang serbisyo na pinutol dahil ang customer ay hindi nagbayad, dapat siyang magbayad ng \$50 re-establishment fee kapag ikakabit muli ang tubig sa mga oras ng negosyo, at \$90 kapag ikakabit muli ang tubig pagkatapos ng mga normal na oras ng negosyo. Ang mga opsyon sa pagbabayad ay nakalista sa ibaba.

Unang opsyon: buong balance na due o dapat bayaran

Pangalawang opsyon: halagang past due

Pangatlong opsyon: due o dapat bayaran ang severance amount, nang may mga kasunduan sa paraan ng pagbabayad

Ika-apat na opsyon: kasunduan sa pagbabayad

